

PAMBANSANG PAGPAPATUPAD

NG MGA KAUTUSAN LABAN SA KARAHASAN SA TAHANAN

BACKGROUND

Ang karahasan sa pamilya at tahanan ay hindi katanggap-tanggap. Ang kaligtasan ng biktima ay napakahalaga.

Pinasimulan ang mga bagong batas sa buong bansa upang paghusayin ang pagbibigay ng proteksyon sa mga biktima ng karahasan sa tahanan.

Noon, ang domestic violence orders (DVOs) ay para lamang sa estado o teritoryo kung saan inisyu o nakarehistro ang mga ito.

Nagbago na ngayon.

Noong Nobyembre 25, 2017, nagsimula na ang National Domestic Violence Order Scheme. Lahat ng DVO na inisyu mula 25 Nobyembre 2017 ay awtomatikong kikilalanin ngayon sa buong bansa at maipatutupad.

PROTEKSYON SA MGA BIKTIMA

Ang National Domestic Violence Order Scheme ay nagpapatibay ng proteksyon para sa mga biktima at kanilang mga pamilya.

Hindi mo na kailangan pang mag-aplay upang irehistro ang iyong DVO sa ibang estado o teritoryo ng Australia upang ito ay maipatutupad.

Kung mayroon kang kasalukuyang DVO na inisyu bago ang 25 Nobyembre 2017, ito ay maaaring kilalanin sa buong bansa sa pamamagitan ng pag-aplay sa hukuman.

Magagawang susugan ng mga lokal na hukuman sa buong Australia ang isang kinikilalang DVO sa buong bansa saanman ito inisyu.

Ipatutupad ng lokal na pulisya ang mga kondisyon ng lahat ng DVO na inisyu sa kanilang estado o teritoryo, kailanman ito inisyu.

Ang mga umiiral na batas sa estado at teritoryo na nagbibigay ng proteksyon sa mga biktima at apektadong mga miyembro ng pamilya laban sa karahasan sa tahanan ay hindi nagbago.



PAGPAPATUPAD NG MGA DVO

Isang krimen ang hindi mo pagsunod sa mga kondisyon ng isang DVO.

Ang DVO ay hindi na limitado sa mga hangganan ng estado o teritoryo. Lahat ng DVO na inisyu ay ipatutupad sa buong Australia.

SA IYONG ESTADO O TERITORYO,
ANG DVO AY MAAARING TAWAGING
ISANG KAUTUSANG INTERBENSYON
(INTERVENTION ORDER), KAUTUSAN LABAN
SA KARAHASAN SA PAMILYA, KAUTUSAN SA
NAHULING KARAHASAN SA TAHANAN O
KAUTUSAN SA PROTEKSYON.

MAS MAPOPOPOTEKTAHAN NAMIN
NGAYON NANG MAS MABUTI ANG MGA
AUSTRALYANO www.ag.gov.au/ndvos